

KALIGTASAN SA PANAHON NG PAGBAGYO



MANATILING LIGTAS SA PAGKAWALA NG KURYENTE

Kumusta, mga taga-California! Habang nagdadala ang mas malalamig na buwan ng mga bagong hamon sa ating estado, tulad ng mga pagbaha, malalakas na hangin, at malalim na niyebe, kumikilos ang Listos California upang protektahan ang ating mga komunidad.

Habang naghahanda ang Tanggapan ng Mga Serbisyon Pang-emerhensiya ng Gobernador ng California (Cal OES) at mga unang tagatugon sa ating estado para sa matinding panahong ito na dulot ng klima, may ilang simpleng hakbang na **IYONG** magagawa ngayon upang panatilihin ligtas ang iyong sarili, ang iyong mga mahal sa buhay, at mga kapitbahay.

Ang pagpapalano nang maaga para sa pagkawala ng kuryente ay ang pinakamahusay na paraan upang matiyak ang kaligtasan ng lahat hanggang sa bumalik ang kuryente. Maging handa at manatiling may alam upang mapanatiling ligtas ang iyong sarili at ang mga taong iyong pinapahalagahan.



MAGHANDA PARA SA PAGKAWALA NG KURYENTE

- Mag-sign up para sa mga alerto sa pamamagitan ng iyong kumpanya ng kuryente upang maabisuhan ka tungkol sa anumang isyu sa kuryente. Kung gumagamit ka ng mga de-kuryenteng medikal at pantulong na kagamitan, tiyaking magpatala sa isang Medical Baseline na programa upang matiyak na ligtas ka kung mawawalan ng kuryente.
- Gumawa ng personal na plano sa sakuna kasama ang pamilya at mga tagapag-alaga para sa kung paano matugunan ang iyong mga pangangailangan sa panahon ng pagkawala ng kuryente.
- Panatilihin ganap na naka-charge ang mga backup na baterya, at magkaroon ng access sa isang radyong pinapagana ng baterya para sa mga balita.
- Maghanda ng mga freezer pack, yelo, at cooler upang panatilihin malamig ang pagkain at gamot.
- Kung mayroon kang de-kuryenteng pinto ng garahe, alamin kung paano gamitin ang manwal na release lever.
- Alamin kung nasaan ang iyong mga circuit breaker at fuse box at kung paano suriin ang mga ito.
- Isulat ang mga numero ng telepono kung sakaling magkaroon ng emerhensiya.



MANATILING LIGTAS SA PANAHON NG PAGKAWALA NG KURYENTE

- Iulat ang mga naputol na linya ng kuryente sa 911 at sa iyong kumpanya ng utility. Ilayo ang mga tao at alagang-hayop. Huwag magmamaneho sa mga natumbang linya ng kuryente.
- Patayin ang lahat ng umaandar bago mawalan ng kuryente. Mag-iwan ng isang ilaw na makikita mo kapag bumalik na ang kuryente.
- Hugutin sa saksakan ang sensitibong elektronikong kagamitan kung wala kang surge protector.
- Huwag gumamit ng gas stove o oven upang painitin ang iyong bahay. Huwag gumamit ng grill sa loob para sa init o pagluluto ng pagkain.





MANATILING LIGTAS SA PAGKAWALA NG KURYENTE



MANATILING LIGTAS SA PANAHOON NG PAGKAWALA NG KURYENTE

- Sa labas lang gumamit ng generator, hindi bababa sa 20 talampakan mula sa mga pinto at bintana. Huwag gagamit ng mga generator sa mga basang kondisyon. Huwag kailanman gagamit ng generator sa loob ng bahay. Makakapatay ang nakalalasang tambutso nito sa loob ng ilang minuto.
- Panatiliing nakasara ang mga freezer at refrigerator. Gumamit ng mga cooler na may yelo kung kinakailangan.
- Pumunta sa isang lugar sa komunidad na may kuryente kung matindi ang malamamig na temperatura. Sa mga matagal na pagkawala, tumawag sa mga opisyal ng county para maghanap ng mga lokasyon ng kanlungan at warming center (sentro ng pagpapainit). Pinaglilingkuran ng mga pampublikong matutuluyan ang lahat at hindi ito maaaring humingi ng ID. May ilang matutuluyang mas mahusay na mapaglilingkuran ang mga taong may kapansanan o alagang-hayop.
- Suriin kung may kuryente ang mga kapitbahay, kaibigan, o pamilya at tanungin sila kung maaari kang makisilong doon. O, ialok ang iyong bahay kung mayroon kang kuryente at wala ang iba.



BUMAWI MULA SA PAGKAWALA NG KURYENTE

- Kapag bumalik ang kuryente, huwag i-on ang anumang appliances o aparatong nabasa. Paisa-isang i-on ang appliances.
- Magdokumento at kumuha ng mga larawan kung mayroon kang nasirang ari-arian dahil sa bagyo. Maghanap ng iba pang mapagkukunan sa pagbangon sa mga website ng gobyerno.
- Suriin ang iyong personal na plano sa sakuna at gumawa ng mga pagbabago batay sa iyong kamakailang karanasan para paghandaan ang mga pagkawala ng kuryente sa hinaharap.

